

BE SAFE ★
CHICAGO ★



Maging Ligtas. Konstruksyon

Maging Ligas. Konstruksyon

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay



Isagawa ang paglayo sa kapwa na 6 na talampakan, maliban kung magiging banta ito sa kaligtasan

- Tukuyin ang mga lugar kung saan malamang na maaaring magtipon ang mga manggagawa (mga lugar para sa pagpapahinga, pasilyo, hoist, hagdan, atbp.), at isara ang mga ito o tiyakin na nasasagawa ang mga patakaran sa paglayo sa kapwa (hal., sa pamamagitan ng paglalagay ng mga marka upang ituro ang pagkilos)
- Itakda ang mga empleyado sa mga partikular na lugar ng trabaho at sabihin na iwasan ang pisikal na pakikisalamuha sa pagitan ng mga empleyado (hal., walang pakikikamay, walang yakapan)
- Ayusin ang mga shift para bawasan ang dami ng mga nagtatrabaho sa iisang lugar nang sabay para isulong ang paglayo sa kapwa
- Subukang pigilan ang magkakasamang paggamit sa iisang sasakyan; makipagtulungan sa mga empleyado para makahanap ng ibang paraan at solusyon



Pahintulutan lamang ang maliliit na pagtitipon sa panahon ng mga pagpupulong o "pag-uumpukan", nang hindi hihigit sa 50 katao at nang may naaangkop na distansya

- Hindi hihigit sa 50 katao sa anumang pagpupulong o mga masisikip na lugar sa site (hal., mga lugar para sa pasukan/labasan)



Magbigay ng naaangkop na PPE para sa mga nasa site

- Sa lahat ng mga espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mgamedikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha o kung mapanganib ito sa site ng trabaho)
- latas ang pagsusuot ng PPE tuwing gumagawa ng trabaho na kailangan ang madalas na pakikisalamuha sa iba, o kung saan hindi posible ang paglayo sa kapwa (hal., pagpapatakbo/pagbuo ng elevator o hoist, o iba pang masikip/maliit na lugar)
- Hangga't maaari, magtrabaho sa oras kung saan wala ang publiko
- Magbigay ng wastong PPE, kabilang ang—ngunit hindi limitado sa—mga face mask, panangga, at iba pang karagdagang kagamitang inaatas ng Batas ng Estado o Batas Pederal



Magtaguyod ng mga pamantayan sa kalinisan

- Magbigay ng access sa mga pasilidad para sa paghuhugas ng kamay
- Hikayatin ang madalas na paghuhugas ng kamay ng mga nagtatrabaho at bisita sa site ng trabaho gamit ang sabon at tubig
- Bigyan ang mga empleyado ng kanilang sariling panlinis ng kamay na may pangunahing sangkap na alkohol at/o mga matatapong pandisimpekta na wipe na madadala nila habang umiikot sa site ng trabaho
- Hikayatin ang mga empleyado na kumumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19 sa pagbalik sa trabaho
- Ipagbawal ang pinagsasaluhang pagkain (hal., mga pagkaing parang buffet) at hikayatin ang mga empleyadong magbaon ng mga pagkain mula sa tahanan
- Magsagawa ng araw-araw na oryentasyon sa field tungkol sa kaligtasan, mga protokol sa site, at COVID-19, gamit ang mga hiwa-hiwalay na Tool Box Talk
- Hilingin ang sertipikasyon sa pagsasanay at kaligtasan ng subcontractor na may kasamang impormasyon tungkol sa mga paksa ng COVID-19

Maging Ligtas. Konstruksyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Access sa
Pagpasok

Limitahan ang mga punto ng pag-access at suriin ang mga pumapasok sa site ng trabaho

- Bawasan ang mga pasukan o labasan sa site ng trabaho
- Gumawa ng mga barikada para mapigilan ang pag-access ng publiko, at kung saan maaari, magsagawa ng trabaho sa oras na wala ang ibang tao
- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)



Mga
pamantayan sa
paglilinis

Magtaguyod ng mga pamantayan sa paglilinis para sa mga lugar ng trabaho at mga patungan at gamit na madalas hawakan

- Linisan nang mabuti ang mga site at mga lugar na madalas daanan nang hindi bababa sa isang beses sa pagitan ng bawat shift
- Sa kaganapang mayroong positibong kaso, maghintay ng 24 na oras bago linisin at disimpektahan ang mga nalantad na lugar para mabawasan ang potensyal ng pagkalantad ng ibang mga empleyado ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Linisin ang mga patungan at gamit na madalas hawakan (hal., mga pinaghahatiang tool, makina, sasakyan, hawakan, nalilipat na banyo) kada 4 na oras at/o pagkatapos ng anumang pagbabago sa humahawak na tao
- Kung kailangan magbahagian sa mga sasakyan, tiyakin ang wastong paglilinis

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Konstruksyon

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Nakitang
patnubay**

Magpaskil ng mga alituntunin para sa pagpasok ng mga customer sa site (hal., kinakailangang pagsuot ng PPE, paglilinis ng kamay)

- Magsama ng mga alituntunin tungkol sa mga bagong kondisyon sa pagpapatakbo ng site ng trabaho (hal., kinakailangang pagsuot ng PPE, paglilinis ng kamay, atbp.)
- Magsama ng patnubay na nagsasabing pumapasok ang mga customer nang nauunawaan ang panganib sa kanilang sarili



**Lugar ng
trabaho**

Itaguyod ang mga pinasimpleng kondisyon sa lugar ng trabaho para bawasan ang contact sa pagitan ng mga tao

- Magtaguyod ng mga espasyo ng trabaho at pattern ng daloy ng trapiko na sumusunod sa mga alituntunin ng CDC para sa paglayo sa kapwa, kung maari
- Isara ang mga hindi esensyal na lugar na ginagamit ng lahat na hindi nakakasunod sa mga alituntunin ng CDC
- Ayusin ang pagkalagay ng mga materyales para bawasan ang paggalaw sa labas ng mga espasyo ng trabaho sa site

- Inirerekomendang patnubay -



Bawasan ang pagtrabaho sa site para mabawasan ang pagkalantad

- Magpagtupad ng iba't ibang protokol para sa iba't ibang site ng konstruksyon batay sa mga limitasyon sa espasyo at kakayahang limitahan ang pag-access sa site
- Ayusin ang mga oras at shift ng trabaho (hal., A/B na mga crew, nakatakdang oras ng pagdating/pag-alis) para mabawasan ang dami ng tao sa site ng trabaho, bawasan ang pakikisalamuha sa pagitan ng mga empleyado, at iwasan ang siksikan sa mga pasukan (partikular sa mga kulang sa espasyo o bukas na site ng trabaho)
- Makipagtulungan sa mga empleyadong mas mahina laban sa sakit/walang lubos na kakayahan dahil sa sakit para makahanap ng mas ligtas na kondisyon sa lugar ng trabaho (hal., lumipat sa mga posisyong may mas kaunting pakikisalamuha sa ibang indibidwal, magtrabaho nang wala sa site kapag posible)



Hikayatin ang mga gawi para limitahan ang pakikisalamuha

- Limitahan ang pagsasabay-sabay ng shift ng mga empleyado, kapag maari



Ipagbawal ang hindi esensyal na pagbiyahe

- Limitahan ang pagbiyahe sa mga esensyal na pagpapatakbo ng negosyo lamang (hal., mga paghatid ng produkto, pagpapatuloy ng chain ng supply, pananatili ng kritikal na imprastruktura)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho



Glosaryo

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspulang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?



Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):*

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19):* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

Patnubay sa Konstruksyon

Associated General Contractors of America – *COVID 19 Resources (Mga Dulugan ukol sa COVID 19):* <https://www.agc.org/coronavirus>

OSHA – *COVID 19 Guidance for Construction (Gabay ukol sa COVID 19 para sa Konstruksyon):* <https://www.osha.gov/Publications/OSHA4000.pdf>

Pahayag ng Pagtanggap

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinhawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.